Cancer of the Colon and Rectum

The colon is also called the large bowel or large intestine. It is the lower 5 to 6 feet of the digestive system. The last 8 to 10 inches of the colon is the rectum. Colon cancer, sometimes called colorectal cancer, is cancer that starts in the large intestine or rectum.



Cancer cells are abnormal cells. Cancer cells grow and divide more quickly than healthy cells. Some cancer cells may form growths called tumors. All tumors increase in size, but some tumors grow quickly, others slowly. Some cancer cells spread to other parts of the body through the blood and lymph systems.

Signs

Cancer of the colon and rectum often has no signs. **See your doctor** if you have any of these signs:

- Dark or bright red blood in or on the stool
- Diarrhea or constipation that does not go away or other change in bowel habits
- Pain in the lower abdomen
- Loss of weight for no reason
- Feel tired or lack energy
- Stools are more narrow than usual for more than a few days. This may be from a tumor in the rectum.

Kanser sa Malaking Bituka at Tumbong



Ang kolon ay tinatawag din na malaking bituka. Ito ay matatagpuan sa kababaang 1.5 to 1.8 metro (5 hanggang 6 na pulgada) ng sistema ng pantunaw. Ang huling 20 to 25 sentemiter (8 hanggang 10 pulgada) ng malaking bituka ay ang tumbong. Ang kanser sa malaking bituka, na minsan ay tinatawag din na kanser na colorectal, ay ang kanser na nagsisimula sa malaking bituka o tumbong.

Ang mga selula ng kanser ay di-pangkaraniwang mga selula. Mas mabilis na tumutubo at nahahati ang mga selula ng kanser kaysa malusog na mga selula. Maaaring maging tumor ang ibang mga selula ng kanser. Ang lahat ng mga tumor ay lumalaki, ngunit ang ibang mga tumor ay mabilis na tumutubo, at ang iba naman ay mabagal ang pagtubo. Maaaring kumalat ang mga selula ng kanser sa ibang mga bahagi ng katawan sa pamamagitan ng dugo at sistemang limpatika.

Mga Palatandaan

Ang kanser ng malaking bituka at tumbong ay karaniwang walang mga palatandaan. Mangyaring **makipagkita sa iyong doktor** kung mayroon kang mga palatandaang ito:

- Maitim o matingkad na pulang dugo sa loob o sa ibabaw ng iyong dumi
- Pagtatae o hindi pagdumi na ayaw gumaling o iba pang pagbabago sa mga gawi ng pagdumi
- Pananakit ng puson
- Pagbaba ng timbang nang walang dahilan
- Pagkaramdam ng pagod o kawalan ng lakas
- Ang mga dumi ay mas makitid kaysa karaniwan sa loob ng ilang mga araw. Maaaring ito ay isang tumor na galing sa tumbong.

Types of Tumors

Tumors found in the colon or rectum can be benign or malignant.

- **Benign tumors** do not spread to other parts of the body. They can be removed by surgery. Cysts are benign tumors that contain fluid.
- **Malignant tumors** may grow into the nearby tissues, organs or blood.

Your Care

Tests

If your doctor thinks you may be at risk for cancer, you may have some of these tests:

- **Physical exam** with a rectal exam where the doctor inserts a lubricated gloved finger into the rectum to feel for lumps.
- **Hemoccult test to check** stool samples for blood.
- **Sigmoidoscopy** where a thin, flexible tube is put into the rectum to let the doctor see inside the lower part of the colon.
- **Colonoscopy** where a thin, flexible tube is put into the rectum to let the doctor see the entire length of the colon.
- Samples of tissue are removed for testing, called a **biopsy**.
- **Barium enema** where liquid barium and air is put into the rectum to see the colon on x-ray.
- **Blood tests** to check blood loss and how well the liver is working.

If tumors are found, your doctor may order x-rays, CT scans and other types of blood tests to see if the cancer has spread to other parts of the body.

Mga Uri ng Tumor

Ang mga tumor na matatagpuan sa malaking bituka o sa tumbong ay maaaring maging hindi mapaminsala o mapaminsala.

- Ang **hindi mapaminsalang mga tumor** ay hindi kumakalat sa ibang mga bahagi ng katawan. Ang mga ito ay maaaring tanggalin sa pamamagitan ng siruhiya. Ang mga suron ay hindi mapaminsalang mga tumor na may lamang likido.
- Ang **mapaminsalang mga tumor** ay maaaring tumubo sa kalapit na mga himaymay, mga organo o dugo.

Ang Iyong Pangangalaga

Mga Pagsusuri

Kung sa palagay ng iyong doktor ay maaari kang malagay sa panganib dahil sa kanser, maaari kang magkaroon ng ilan sa sumusunod na mga pagsusuri:

- **Pisikal na pagsusuri** na may kasamang pagsusuri ng tumbong, kung saan ipinapasok ng doktor ang nilangisang daliring may guwantes sa tumbong upang kumapa ng mga bukol.
- **Hemoccult test upang suriin** ang muwestra ng mga dumi kung may dugo.
- **Sigmoidoscopy,** kung saan ang isang manipis at nababaluktot na tubo ay ipinapasok sa tumbong upang makita ng doktor ang ibabang bahagi ng malaking bituka.
- **Colonoscopy,** kung saan ang isang manipis at nababaluktot na tubo ay ipinapasok sa tumbong upang makita ng doktor ang kabuuang haba ng malaking bituka.
- Pagtatanggal ng mga muwestra ng himaymay upang suriin, na tinatawag na **biopsy**.
- **Barium enema,** kung saan ang likidong barium at hangin ay inilalagay sa tumbong upang makita ang malaking bituka sa x-ray.
- **Mga pagsusuri ng dugo** upang tingnan ang kawalan ng dugo at kung gaano kahusay ang paggana ng atay.

Kapag nakahanap ng mga tumor, maaaring mag-utos ang iyong doktor ng mga x-ray, CT scan at iba pang mga uri ng pagsusuri ng dugo, upang malaman kung kumalat na ang kanser sa ibang mga bahagi ng katawan.

Treatment

After all of your tests are done, your doctor will talk to you about treatments that are best for you. Treatment may include:

- **Surgery** to remove the tumor. The kind of surgery will depend on the location and size of the tumor. Often, the part of the colon with cancer is removed.
- **Radiation therapy** to stop or slow the growth of cancer. It is often used after surgery to destroy any cancer cells that may remain.
- **Chemotherapy** medicines to kill cancer cells. These medicines are given by mouth, by injection into a muscle or vein, or directly into the affected organ to treat cancer. These medicines help kill cancer cells.
- **Immunotherapy** may also be called biotherapy. This treatment uses natural substances made by the body's immune system. This kills cancer cells, slows their growth or helps the immune system fight the cancer in a better way. It may also be used to lessen the side effects of other cancer treatments.

You may have one or more cancer treatments. Some patients have surgery followed by radiation therapy or chemotherapy.

Follow-up Care

Regular visits to your doctor are important. Your care at these visits may include blood tests, CT scans, chest x-rays or other tests. Report any problems to your doctor between visits.

Talk to your doctor or nurse if you have any questions or concerns.

2/2008. Developed through a partnership of The Ohio State University Medical Center, Mount Carmel Health and OhioHealth, Columbus, Ohio. Available for use as a public service without copyright restrictions at **www.healthinfotranslations.org**.

Lunas

Pagkatapos ng iyong mga pagsusuri, kakausapin ka ng iyong doktor tungkol sa mga lunas na pinakamagaling para sa iyo. Maaaring kasama ng mga lunas ang:

- **Operasyong** upang tanggalin ang tumor. Ang uri ng operasyon ay batay sa kinalalagyan at laki ng tumor. Karaniwang tinatanggal ang bahagi ng malaking bitukang may kanser.
- **Teraping Radyasyon** upang pigilan o pabagalin ang pagtubo ng kanser. Ito ay karaniwang ginagamit pagkatapos ng operasyon upang sirain ang naiwang mga selula ng kanser.
- Mga gamot ng **Kemoterapi** upang patayin ang mga selula ng kanser. Ang mga gamot na ito ay iniinom, iniiniksyon sa kalamnan o ugat, o diretso sa apektadong organo upang gamutin ang kanser. Ang mga gamot na ito ay tumutulong sa pagpatay ng mga selula ng kanser.
- **Immunotherapy** na tinatawag din na biotherapy. Ang lunas na ito ay gumagamit ng likas na mga bagay na gawa ng immune system ng katawan. Pinapatay nito ang mga selula ng kanser, pinapabagal ang kanilang paglaki o tinutulungan ang immune system na labanan ang kanser sa mas mabuting paraan. Maaari din itong gamitin upang mabawasan ang mga masamang epekto ng ibang mga lunas ng kanser.

Maaari kang magkaroon ng mahigit sa isang lunas sa kanser. Ang ilan sa mga pasyente ay dumadanas ng operasyong na sinusundan ng teraping radyasyon o kemoterapi.

Pakikipag-ugnayan ng Pangangalaga

Ang madalas na pagbisita sa iyong doktor ay mahalaga. Kabilang sa iyong pangangalaga sa mga pagbisitang ito ay ang pagsusuri ng dugo, mga CT scan, mga x-ray sa dibdib o iba pang mga pagsusuri. Sabihin sa doktor ang anumang problema sa pagitan ng iyong mga pagbisita.

Mangyaring makipag-usap sa iyong doktor o nars kung ikaw ay may mga tanong o mga pag-aalala.

2/2008. Developed through a partnership of The Ohio State University Medical Center, Mount Carmel Health and OhioHealth, Columbus, Ohio. Available for use as a public service without copyright restrictions at **www.healthinfotranslations.org**